Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-201-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Matapos matalakay ang liham ni Inh. Rolando de Guzman, Pangulo ng Santa Rosa Music Foundation na nagmumungkahing itaguyod ng pamahalaang bayan ang pag-uulit ng "Concert of Classical Artist" bilang pagdiriwang ng Linggo ng Musika sa bayan at bilang paglulunsad na rin ng Pagdiriwang ng Ika-200 Taong Pagkakatatag sa bayan ng Santa Rosa ay pinagtibay ang:

68

KAUTUSANG BAYAN BLG. LXVIII-'91
(Sa mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Puzon)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LABING-WALONG LIBONG PISO (₱18,000.00) mula sa kabang bayan upang iukol sa gastusin ng pagtataguyod ng "CONCERT OF CLASSICAL MUSIC" bilang pagdiriwang ng Linggo ng Musika sa bayan at pormal na paglulunsad ng pagdiriwang ng Ika-200 Taon ng bayan ng Santa Rosa, Laguna sa Taong 1992.

IPINASIYA din na ang halagang inilaan ay manggaling sa pagliliwat ng salaping natira na inilaan sa pagbili ng "xerox machine" at sa IRA.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***************

Binasa din ng Kalihim ang kahilingan ni G. Marcelino Dictado na makapagdaos ng Pintakasi sa buwan ng Enero 1992. Ito ay sinambot ni Kag. Entena na nagpaliwanag na nararapat munang ipagpaliban ang pagtitibay dito sapagka't sa darating na taong 1992 ay ipatutupad na ang mga itinatadhana ng Bagong Local Government Code o ang R.A. 7160, kung saan ang pagtitibay sa pagdaraos ng special sabong ay nasasa kapangyarihan na lamang ng Punong-bayan at ng Sangguniang Bayan. Ipinahiwatig din niya na walang dapat ipangamba ang humihiling sapagka't hindi na ipatutupad ang dating patakarang 30 araw na kahilingan bago idaos ang pintakasi. Ang paksain ay pinagpasiyahang iliwat sa Lupong Pambatas upang siyang magtalaga ng mga magiging panuntunan ng kapulungan sa pagtitibay ng mga nabanggit na kahilingan.

***************

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

ALICIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad